

## KulWika: Pagpapaunlad ng Kultura at Wikang Pambansa

JUDY ANN SISON DELA CRUZ

Pangasinan State University

Faculty Member

Email Address: [jadelacruz.lingayen@psu.edu.ph](mailto:jadelacruz.lingayen@psu.edu.ph)



Si **Bb. Judy Ann Sison Dela Cruz** ay isang guro, mananaliksik, tagapagdaloy ng piging at programa, manunulat ng aklat, at tagapagsalin mula sa Bayan ng Lingayen, Probinsya ng Pangasinan. Sa kasalukuyan, siya ay nasa antas bilang Instructor III sa Kolehiyo ng Panggurong Edukasyon ng Pang-Estadong Unibersidad ng Pangasinan, Kampus ng Lingayen, Lingayen, Pangasinan. Siya rin ay dating Document Control Custodian at Records Management Officer at kasalukuyang tagapayo ng Kapisanan ng mga Mag-aaral sa Filipino (KAMFIL) sa Pang-Estadong Unibersidad ng Pangasinan, Kampus ng Lingayen, Lingayen, Pangasinan. Ang kanyang mga tinuturong asignatura ay may kaugnayan sa kurikulum, wika, panitikan, kultura, barayti at baryasyon, panulaan, at panunuring pampanitikan.

Sa edukasyon naman, siya ay nagtapos ng Batsilyer ng Sekondaryang Edukasyon - Filipino sa Pang-Estadong Unibersidad ng Pangasinan, Kampus ng Lingayen, Lingayen Pangasinan, Master ng Edukasyon – Filipino at Doctor of Philosophy- Filipino Language sa Lyceum Northwestern University, Dagupan City, Pangasinan

Patuloy ang kanyang paglikha ng ibat-ibang kasanayang aklat sa kolehiyo at pananaliksik na may kaugnayan wika, kultura, panitikan at, barayti at baryasyon.

Ang wika at kultura ay kinikilalang mga saligang sangkap sa paghubog ng pambansang kamalayan at pagkakakilanlan ng isang bansa. Bilang mga mekanismo ng komunikasyon at sisidlan ng kolektibong karanasan, ang mga ito ay may mahalagang gampanin sa pagpapanatili ng pagkakaisa, kaayusang panlipunan, at pambansang kaunlaran. Sa Pilipinas - isang bansang mayaman sa pagkakaiba-ibang etnolingguwistiko at ang Wikang Pambansa ay nagsisilbing pangunahing daluyan ng pagkakaunawaan at integrasyon ng sambayanan. Sa ganitong

balangkas, ang *KulWika* ay kumakatawan sa sistematikong pagsusuri at pagpapahalaga sa ugnayan ng kultura at wika bilang pundasyon ng pambansang identidad at patuloy na pag-unlad ng lipunan.

Ang kultura ay tumutukoy sa kabuuan ng mga materyal at di-materyal na aspekto ng pamumuhay ng isang lipunan. Kabilang dito ang mga kaugalian, tradisyon, paniniwala, pagpapahalaga, sining, institusyon, at sistemang panlipunan na hinubog ng kasaysayan at kolektibong karanasan ng mamamayan. Ito ang nagsisiilbing balangkas ng kahulugan na gumagabay sa pag-iisip, pag-uugali, at pakikipag-ugnayan ng mga indibidwal sa loob ng isang lipunan. Dahil dito, ang kultura ay hindi lamang isang aspeto ng pamumuhay kundi isang estrukturang panlipunan na nagpapatatag sa pagkakaisa at kontinwidad ng bansa. Samantala, ang wika ay pangunahing instrumento ng komunikasyon at intelektuwalisasyon ng lipunan. Ito ang midyum ng edukasyon, pamamahala, batas, agham, teknolohiya, at diskursong pampubliko. Sa pamamagitan ng wika, naipapahayag ang mga ideya, kaisipan, saloobin, at mithiin ng sambayanan, gayundin ang mga patakarang bumabalangkas sa kaayusang panlipunan. Ang paggamit ng Wikang Pambansa ay may mahalagang implikasyon sa pagpapalawak ng partisipasyon ng mamamayan sa mga usaping panlipunan at pampamahalaan, sapagkat nagiging mas malinaw, mas sistematiko, at mas inklusibo ang daloy ng impormasyon at diskurso.

Hindi mapaghihiwalay ang ugnayan ng kultura at wika sapagkat ang wika ang pangunahing sisidlan at tagapagpanatili ng kultura. Ang mga naratibo, panitikan, ritwal, at iba pang anyo ng diskursong kultural ay naipapasa sa pamamagitan ng wika at nagsisiilbing tala ng kolektibong kamalayan ng sambayanan. Sa kabilang banda, ang kultura naman ang humuhubog sa estruktura, leksikon, at pragmatikong gamit ng wika. Ang mga pagpapahalaga at paniniwala ng isang lipunan ay malinaw na nasasalamain sa paraan ng pagpapahayag at sa kahulugang iniiugnay sa mga salita at pahayag. Sa ganitong diwa, ang wika at kultura ay kapwa produkto at prodyuser ng isa't isa sa isang dinamikong proseso ng paghubog panlipunan. Sa konteksto ng globalisasyon at mabilis na

pagsulong ng teknolohiya, nahaharap ang kultura at Wikang Pambansa sa iba't ibang hamon at posibilidad. Ang patuloy na paglaganap ng mga banyagang wika sa larangan ng edukasyon, midya, at digital na komunikasyon ay nagddudulot ng pangangailangang muling suriin ang mga estratehiya sa pagpapanatili at pagpapaunlad ng sariling wika. Gayundin, ang impluwensiya ng kulturang panlabas ay maaaring magbunga ng pagbabago sa mga tradisyunal na gawi at pagpapahalaga. Gayunpaman, sa pamamagitan ng angkop at planadong paggamit ng Wikang Pambansa sa mga makabagong plataporma, maaaring maisulong ang modernisasyon ng wika nang hindi isinasantabi ang pundasyong kultural nito.

May mahalagang papel ang mga institusyong pang-edukasyon sa pagpapaunlad ng kultura at Wikang Pambansa. Ang sistematikong paggamit ng Wikang Pambansa bilang midyum ng pagtuturo ay nagtataguyod ng mas malalim na pag-unawa at kritikal na pag-iisip sa mga mag-aaral. Ang pagtuturo ng panitikan, kasaysayan, at sining sa sariling wika ay nagpapalakas sa kamalayang historikal at kultural ng mamamayan. Kaakibat nito, ang pamahalaan at mga institusyong pangkultura ay may pananagutang magbalangkas at magpatupad ng mga patakarang naglalayong isulong ang intelektuwalisasyon, estandardisasyon, at patuloy na pagyabong ng Wikang Pambansa.

Hindi rin maaaring ipagwalang-bahala ang impluwensiya ng midya at teknolohiya sa pagpapalaganap ng kultura at wika. Ang mga platapormang pangkomunikasyon- mula sa tradisyunal na midya hanggang sa digital na espasyo- ay may kakayahang hubugin ang kamalayan at pananaw ng lipunan. Ang responsableng paggamit ng mga ito ay maaaring magsilbing mabisang kasangkapan sa pagpapataas ng kamalayang kultural, pagpapalaganap ng Wikang Pambansa, at pagpapatibay ng pambansang identidad, lalo na sa hanay ng kabataan.

Sa kabuuan, ang *KulWika* ay isang komprehensibo at integratibong konsepto na nagbibigay-diin sa hindi mapaghihiwalay na ugnayan ng kultura at Wikang Pambansa. Ito ay isang panawagan sa kolektibong pananagutan ng pamahalaan, sektor ng edukasyon, midya, at

mamamayan upang pangalagaan, paunlarin, at palaganapin ang sariling wika at kultura. Sa pamamagitan ng patuloy na pagpapahalaga at sistematikong paggamit ng Wikang Pambansa, mapananatili ang pambansang identidad at mapapalakas ang pagkakaisa ng sambayanan sa harap ng patuloy na pagbabago at hamon ng makabagong panahon.